

PROLOGUE

“Ano’ng ibig mong sabihing hindi mo alam kung nasaan? Ang dami-daming tao dito sa bahay—may guard tayo sa gate, may guard ang subdivision—wala ba ni isa man lang nakapansin na umalis siya na dala lahat ng gamit niya?” Nanggagalaiti sa galit si Don Jaime Roberto Narvaza, President, CEO, CFO at may-ari ng *JRN Development Corporation*, isa sa pinakamalaking kompanya ng real estate development sa Asia.

Kadarating lang nito sa magarbong mansion ng pamilya Narvaza sa *San Lorenzo Village* sa Makati at mismong ang asawa nito, ang kilalang socialite at Vice-President at COO ng kanilang family business na si Doña Erlinda Belarmino Narvaza ang nagsabi rito ng masamang balita.

“Aba, ano’ng malay ko?” Mataas din ang boses nito nang tumugon. “Halos magkasunod lang tayong dumating at kasasabi lang din sa akin ni Fely ng balitang iyan.”

Si Yaya Felisa at sampu ng mga utusan at katulong sa mansion ay takot na takot na nakatayo sa palibot ng don at doña. Hinihintay ng mga ito na

bumaling sa kanila ang pagtatalak ng mag-asawa, tulad ng madalas nang maranasan ng mga ito.

“Ang hirap kasi sa iyo, Linda,” nagsimulang magpalakad-lakad ang don matapos magsindi ng tabako, “kahit kailan, hindi mo natutunang kontrolin ang anak mo. Hinayaan mong lumaking suwail.”

“At ako pa ang may kasalanan?” Pinandilatan nito ang asawa.

“Ikaw nga!” Dinuro ito ng lalaki. “Puñeta! Ipahanap mo iyan sa mga amiga mo. Makipag-usap ka sa mga kaibigan mong asawa o kabit ng mga opisyal sa gobyerno. Siguro naman ay may kaunting breeding ang mga iyan para isagawa ito nang hindi tayo pagpipiyestahan ng media?”

“Bakit ako?” Namaywang ang ginang. “Hindi ba’t ikaw ang may mga kumpareng hepe ng pulisya? Mga kainuman mo ang mayayabang na iyan, sila ang hagupitin mo ng latigo para makatulong sa atin!”

Nilapitan ng don ang asawa. “Gagawin ko ’yan. Siguraduhin mo lang na gagawin mo din kung ano ang nararapat mong gawin para ibalik dito ang anak mo at tanggapin ang trabaho niya. Kung hindi iyan uuwi sa loob ng dalawang buwan, kapwa tawad tayo, Erlinda, aalisan ko kayo pareho ng mana.”

“May sarili akong kayamanan, hindi mo ako kailangang takutin!” Nag-walk out ang ginang.

Bumaling sa mga naroon ang makapangyarihang don.

“Kayo.... Kapag nalaman kong may kinalaman kayo sa pagtatago ng anak ’ko, palalayasin ko kayong lahat sa pamamahay na ito.”

Iyon lang at tumalikod na rin ito.

Sa kabila ng pagbabantang tinanggap, hindi nabahala ni isa sa mga ito. Nasa kaawa-awang dalaga ang simpatya ng mga ito dahil naging saksi ang lahat sa kung paanong buong buhay ito ginawang sunud-sunuran ng sarili nitong mga magulang.

Ang mga ito pa nga ang tumulong sa dalaga para makaalis pero hindi nagpasabi kung saan ito patungo. Basta nangako itong plantsado lahat ng plano nito at hindi ito mapapahamak at hahanap ito ng paraang maipaalam sa mga naiwan ang kalagayan nito.

At iyong bantang mawawalan ng trabaho ang mga kasambahay? May plano rin ang dalaga para sa mga ito. Likas ang talino nito sa larangan ng pangangalaga ng pera. Minana nito iyon sa mga magulang na businessmen.

May mana o wala, in-invest na nito lahat ng naipon nitong pera mula sa sari-saring sources—regalo, tinipid na baon at allowances, mga pinagkakitaan sa pagbebenta ng mga gamit nitong mamahalin pero sa paningin nito ay walang kuwenta. At that moment, sa murang edad nito, kung gugustuhin nito ay maaari na itong magretiro nang hindi nag-aalala tungkol sa gastusin.

Samantala, ang heredera, ang nag-iisang anak ng mga Narvaza, si Dr. Justine Belarmino Narvaza, ay kararating lang sa isang malayong barrio sa mabundok na bayan ng Santa Catalina, Negros Oriental para roon magsilbi bilang community doctor.

1

Maingat na tiniklop ni Gabriel Avelino ang isang asul na t-shirt at isinama iyon sa huling batch ng kanyang mga damit na ieempake. Isinilid niya ang mga iyon sa kanyang backpack na puno ng pangdalawang linggong kagamitan. Minsan pa niyang iginalala ang mga mata sa nilalaman ng closet at tokador para masigurong wala siyang nakaligtaan. Nang matiyak na nakuha niya lahat ng kailangan, in-off niya ang aircon, isinara ang backpack at isinukbit iyon. Dinampot niya ang *Merrell* hiking shoes niya at bumaba na sa ground floor.

“Kailan ka ba magbe-birthday kasama namin dito sa bahay, Gabriel?” Mula sa paanan ng malawak na hagdanan ay naroon at inaabangan siya ng kanyang mama, si Señora Lucila Estacio vda. de Avelino.

Maliit ang babae, lagpas lang ng kaunti sa limang talampakan ang taas at may kapayatan. Marami sa kamag-anak at kaibigan ng pamilya ang nagtataka kung paano siya nailuwal nito gayong napakalaki niyang tao. Pero nasa tindig at pagdadala ng sarili ng babae ang taglay nitong lakas at tapang kaya hindi malayong isipin na kinaya siya nitong dalhin

nang siyam na buwan at saka ipanganak sa mundong ibabaw bilang isang nine-pound-six-ounce na sanggol.

“Kapag nagsawa na ako sa ritwal ko, Ma, hindi na ako aalis kapag birthday ko.” Naupo siya sa sofa para isuot ang sapatos.

“Kailan naman iyon?” himutok nito na naupo sa harap niya. “Huli tayong nag-celebrate na magkasama noong twenty-first birthday mo. Trenta ’y dos ka na ngayon. It’s been eleven years, Anak!”

Huminga siya nang malalim and prayed for patience. Heto na naman sila.

He hated parties at alam iyon ng kanyang ina. He hated being the center of attraction. Pero mahirap masunod ang kagustuhan niyang iyon kung hindi niya tatakasan ang mga pagkakataon.

Isang socialite kasi ito, malawak ang ginagalawan na social circle. May natural tendency ito na mag-organisa ng isang bonggang party kahit pa sabihin nitong simple lang ang naiisip na pagtitipon at iilan ang imbitadong dumalo. Iyong birthday niyang huling beses nitong ipinaghanda para sa kanya, umabot sa mahigit isandaan ang kanilang bisita na halos ito lang ang may kakilala.

“It’s just another birthday, Ma,” mapagpasensya

niyang sagot for the nth time in the last so many years. “Wala namang masyadong espesyal o malaking dahilan para sa magarbong selebrasyon.”

“Aanhin ko ang naipon namin ng papa mo na salapi kung hindi para sa iyo?” Nakapamaywang na nagtaas ito ng kilay. “Nag-iisang anak kita. Tayong dalawa na lang ang magkasama mula nang mamatay ang papa mo. Malaking okasyon para sa ’kin ang birthday mo o kahit anong kaganapan patungkol sa iyo. Sapat na dahilan iyon para gumastos ako para sa isang magarbong handaan. Iyon na lang naman ang bisyo ko ngayong matanda na ako, ’wag mo na sanang kinokontra.”

“Ma, alam mo namang ayokong-ayoko nang nakikiharap sa mga ganyang sosyalan,” palatak niya. Siya lang ang may lakas ng loob na sumalungat sa gusto nito.

“Ayaw mong makiharap kasi nauuwing puro kaibigan ko ang naiimbita sa kung anong handaan mayroon dito sa bahay,” patuloy nito. “Ma’no man lang na imbitahan mo ’yung mga kasamahan mo sa *NBI* para may dahilan namang makiharap ka sa bisita. At saka para makilala ko man lang sila. Aba, ilang taon ka nang nagtatrabaho doon? Lahat ng kasamahan mo puro pangalan lang ang alam ko.

Walang mukha.”

“Busy sila, Mama.”

“Busy sila o ayaw mo lang sila ipakilala sa akin?” Sumimangot ito. Lumabi. Ganoon ang gawain ng ina para imanipula ang sinumang kausap nito.

“Mama, stop.” May bahid na ng impatience ang pagkakabagsak niya ng bag sa sahog. “I know what this means to you but please don’t do this to me. Mapu-frustrate lang tayo pareho dahil alam mo namang hindi magbabago ang isip ko tungkol diyan.”

Umingos ito. Kabisado rin niya ang ganoon. Iyon ang senyales na may binabalak pa rin ito. Kailangan na lang niyang maka-timing ng pag-iwas para hindi maging bahagi ng isang ‘surprise party.’

“Saan ang punta mo ngayon?” naitanong na lang nito.

“Sa Negros po,” banggit niya.

“Maaasahan ko ba na tatawag ka kahit paano?” Nagkrus ito ng mga bisig sa harap ng dibdib.

It wasn’t that he was a difficult son, o iyon bang may pagkasuwail. Sa totoo lang, gusto niyang pagbigyan ang ina at minsan, kapag nakaluwag siya sa schedule, sinosorpresa niya ito sa isang quiet at

intimate dinner. Naiintindihan din niya kasi ang pangungulila nito sa kanyang ama bilang saksi siya sa kung paano nagmahalan ang mga ito.

Hindi lang talaga siya ang tipo ng taong gusto ng fanfare. Nabo-bore siyang mag-entertain ng bisita. At ang pinakaayaw niya ay ang obligasyong kailangan pa niyang ipaalam sa isang nilalang kung anong trivialities ang nangyayari sa kanya. Of course, hindi kasali roon ang pagre-report sa boss sa opisina.

Iyon din siguro ang dahilan kung bakit hindi pa siya nagkakaroon ng seryosong relasyon. Too much fuss.

“Tatawag ako kung maaalala ko. Ayokong mangako at sana ’wag na kayong mag-expect para hindi tayo nagkakasamaan ng loob.” Iniabot niya ang bag sa naghihintay na driver at sumunod dito sa sasakyan. Humalik siya sa pisngi ng matanda bago buksan ang pinto ng passenger’s side. “Tutuloy na ho ako.”

“Mag-ingat ka, Gabriel!” pahabol pa nito.

“Parati naman, Ma.” Itinaas niya lang ang isang kamay bilang tugon bago isara ang pinto.

Pumrente na siya ng upo, nagsuot ng shades at binuksan ang radyo para maaliw habang nagbibiyahe

mula *Forbes Park* hanggang airport.

Tahimik niyang pinanood ang nilalagpasan nilang mga nagtataasang gusali sa Bonifacio Global City. Sinabayan niya ng usal ng pasasalamat ang kanyang ginagawa. Pasasalamat dahil ngayong araw magsisimula siyang gawin ang isang natatanging bagay na gustung-gusto niyang gawin: ang iwan kahit panandalian lang ang concrete jungle na ito na kilala rin sa pangalang ‘Maynila’.

For a few days, mararanasan niyang lumanghap ng sariwang hangin, kumain ng sariwang pagkain at maging siya lang. Iyong lalaking mahilig sa katahimikan at hindi iyong alagad ng batas na hindi lang minsan naranasan kung paano makapatay, kung paano makapagpakulong.

Sa loob ng ilang araw, puwede niyang isiping simple lang lahat—walang komplikasyon ang buhay na dala ng masyadong maunlad, o naghahangad na umunlad, na kabuhayan.

Natuklasan niya ang malakas na atraksyon sa kanya ng pamumundok noong sumama siya sa bivouac ng klase nila sa high school ROTC. Na-reinforce iyon nang maging miyembro siya ng isang mountaineers’ club sa kolehiyo. Nang maging sobra siyang busy sa law school at sa trabaho niya sa *NBI*,

siniguro niyang kahit paano ay pagbibigyan niya ang sarili sa luho kahit minsan isang taon. At ang napili niyang okasyon para gawin iyon ay tuwing birthday niya.

“Andito na tayo, Gabriel,” anunsyo ng driver nang pumarada ito sa departure area ng *NAIA Terminal 3*.

“Sige na, Mang Carding,” pinigilan niya ito nang abutin nito ang seradura ng pinto, “ako na ho ang kukuha ng bagahe ko.”

“Ha? Eh...” tutol nito sa paraang hindi sanay na hindi pinagsisilbihan ang amo.

“Magaang lang ho ’yung bag ko.” Tinapik niya ang balikat ng matanda bago siya umibis ng sasakyan.

Nang makuha ang backpack mula sa likod, kinatok niya ang pinto bilang hudyat na maaari na itong umalis. Pagkabusina nito ng dalawang maiikling tunog, tinungo na niya ang entrance ng airport para makapag-check in at nang masimulan na ang kanyang dalawang linggong bakasyon.

Amoy na amoy ang preskong samyo ng hamog sa kapaligiran. Maligamgam pa ang haplos ng init ng

araw ng bukang-liwayway at banayad ang hanging umiihip sa kabundukan.

Sa gitna ng katahimikan nang mga oras na iyon, nakatayo sa kanyang likod-bahay ang batang doktora ng Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental. Nakatanghod siya sa burol sa di-kalayuan. May ngiting naglalaro sa kanyang mga labi at kumikinang ang kanyang mga matang sinasalamin ang makislap na sinag ng bagong sikat na araw. Namumula ang kanyang mga pisngi sa lamig ng hanging pinaglalaruan ang mahaba at tuwid na buhok niya.

Huminga siya nang malalim at saglit na pumikit habang dinadama ang kakaibang pakiramdam ng kapayapaan sa puso niya. Malapit na pala ang unang anibersaryo ng kanyang pagdating sa lugar na iyon, naisip niya at napangiti siya sa alaala.

Mula pa kabataan niya, wala na siyang ginawa para sa sarili niya. Ang tanging nais niya mula nang magkaroon siya ng muwang sa kanyang kinabukasan, ay maging doktor. Iyong doktor na nanggagamot nang walang kapalit na kabayaran. Pero dahil siya si Justine Belarmino Narvaza, nag-iisang anak nina Don Jaime Roberto at Doña Erlinda Belarmino-Narvaza, at tanging heredera ng imperyo ng *JRN*

Development Corporation, ang kompanyang itinatag ng makapangyarihang mga magulang niya na kilala, nirerespeto at kinatatakutan sa kalakalan ng property development—ang inaasam niyang iyon ay near impossible para makamit.

Of course, naiintindihan niya ang logic na anak ang nararapat magmana ng business empire na itinayo ng mga magulang. Kung sana lang ay business-minded siya at interesado sa pagkakamal ng pera.

Sa palagay niya lang, marami sanang ibang mapagpapasahan ang mga ito na kaibigan, katiwala, empleyado, compañero na mas karapat-dapat magpalakad ng business. O kaya, kung sana lang ay nag-anak pa ang mga ito bukod sa kanya.

Ah, but, technically, her parents didn't really want children. Gusto ng mga ito ng anak para lang hulmahin na kapalit ng mga ito bilang President/CEO at COO/CFO ng kompanya. Hindi nag-anak ang mga ito dahil gusto ng mga ito ng mamahaling mga supling. Pati ang pagsasama ng mga ito ay isang business arrangement. It made good business sense for the two of them to manage the company at payabungin iyon hanggang maging isa sa pinakamayamang kompanya sa bansa.

If only they would leave her alone.

Parating object of discussion sa kanilang triad kung anong extra-curricular activities ang dapat kinabibilangan niya, kung sino ang dapat kinakaibigan niya, ang kursong dapat kunin niya sa kolehiyo. Lahat na lang pinalalabas na 'mas makabubuti' para sa kinabukasan niya. Isang kinabukasang ang mga ito ang nagdidikta para sundin niya.

Lahat-lahat na lang.

Mabait siyang anak. Sinusunod niya ang kahilingan ng mga magulang.

Most of the time.

Hanggang tumapak siya ng kolehiyo, kinailangan na niya talagang sundin ang bulong ng kanyang puso at kumuha ng medisina na sa laking gulat niya ay pinayagan ng mga magulang.

Ang dahilan? May nakausap ang mga ito na bagong kakilala na may-ari ng isang medical facility at napagtanto ng mga ito na maaaring pasukin bilang business ang pagpapatakbo ng ospital.

Noon niya pinairal ang pagiging tuso na minana niya sa ama. Pumayag siyang magpakadalubhasa sa pagiging surgeon. Kunwari. Ang ginawa niya ay

nagpakadalubhasa sa family and internal medicine. Kasabay niyon, sinimulan niya ring mag-ipon ng lahat ng resources na mayroon siya para pagdating ng takdang panahon, tutubusin niya ang kalayaan niya.

Noong isang taon naganap ang paglaya niyang iyon. Isang kakilalang social worker ang nag-refer sa kanya sa barangay na kinaroroonan niya ngayon para roon magsilbi. May agam-agam siya noong una dahil kilalang kuta ng mga insurgents ang lugar pero naisip din niya na iyon ang perfect cover para hindi siya sundan ng mga magulang o ng sinuman na maaaring bayaran ng mga ito para maghanap sa kanya.

Nang makaharap niya sa wakas ang mga residente sa barangay para ialok ang tulong medikal, sinalubong siya ng mga ito ng matalim at mapanghusgang mga tingin.

“Tulong?” She could remember clearly the cutting sarcasm in the voice that said that. Wala siyang naintindihan sa mga sumunod na sinabi noon dahil hindi siya marunong mag-Bisaya. Ngayon, alam na niya. *“Lahat ng nakarating dito nagpanggap na gustong tumulong pero ano? Gusto lang nilang mapadagdag sa kani-kanilang mga resumé na nag-community service sila para kunwari impressive. Pwe!”*

Kinagat niya ang pang-ibabang labi sa nadamang

hiya sa nagawa ng mga kapwa niya doktor sa mga ito. Alam niya na hindi lahat ng nagpunta roon ay may ganoong kababaw na layunin, may mga taos sa puso talaga ang kagustuhang makatulong. Iyon nga lang, bihira talagang may magtagal. Pero naiintindihan niya ang dahilan ng mga ito. Wala siyang masamang iisipin patungkol sa mga ito.

Sa mga panahong nagdaan, ilang sibilyan na rin kasi ang nadamay dahil sa mga engkuwentro sa pagitan ng mga militar at rebelde. Doon nagmumula ang takot ng mga nagnanais mag-extend ng tulong sa mga taga-roon.

Tinapatan niya ang hostility ng mga taga-barangay ng kabaitan at serbisyo. Sinanay niya ang sarili sa pagkain ng sinaing na mais, mag-ulam ng sinabawang gulay, mahiga sa papag na sinapinan lang ng manipis na banig at kumot para mabawasan ang lamig ng kahoy, magluto na ang gamit lang ay kahoy na panggatong, matulog na umaasa lang sa ihip ng hangin para maginhawahan mula sa init at lamok. Hanggang sa nakamit niya ang respeto at pagmamahal ng mga ito.

By the time anybody from the investigating agencies hired by her family had any information kung saan siya posibleng naroon, buo na ang

pagkupkop sa kanya ng mga taga-Santa Catalina. Nang may nagtangkang magpunta roon at hanapin siya, ang sinabi ng nakausap ng detective ay walang kilalang Dr. Justine Narvaza ang mga ito at lalong walang kahit sinong doktor ang nagagawi roon.

“Doktora!” Isang medyo matining na boses ang bumulahaw sa kanyang pag-iisip.

Lumington siya at nakitang papalapit sa kanya si Teresa, isa sa mga young unemployed single mothers na taga-roon at na-train niya bilang nurse at sekretarya sa clinic.

“*Maayong buntag, Tess!*” masaya niyang bati rito.

“Naku, sorry, Dok, na-late ako ng gising!” Agad itong humingi ng paumanhin. “Napuyat ako kagabi sa anak ko. Iyak lang nang iyak magdamag, di ko alam kung kinakabag pero di naman nauutot. Baka nanaginip nang masama.”

“*Walay kaso, 'Neng.*” Pinisil niya ang kamay nito. “Maayos na ba siya?”

“Oo, Dok, si Inang na ang bahala.”

“Tayo na?” pag-aaya niya.

Naka-schedule sila ng araw na iyon na pumunta sa kabayanan ng Dumaguete para mamili ng mga

medical supplies at iba pang mga pangangailangan sa barrio na hindi mabibili sa poblacion. Hindi kasi ganoon kadali magpabalik-balik sa siyudad. Mahigit dalawang oras ang ginugugol sa rough road pababa ng bayan at halos dalawang oras pa ulit patungong Dumaguete.

“*Eh, kajut ra, Dok.*” Nanatili itong nakatayo sa kanyang harapan, bakas ang pag-aalinlangan sa mukha. “Sigurado ka po na sasama ka?”

Unang beses mula nang mapadpad siya roon na luluwas siya patungo sa siyudad. Naiintindihan niya ang takot nito. Bunga pa rin iyon ng hindi normal na sitwasyong naghatid sa kanya sa piling ng mga ito.

Hanggang ngayon, parang hinahaplos pa rin ang puso niya tuwing umiiral ang pagiging protective ng mga ito para sa kanya.

“Gusto ko lang lumanghap ng hanging-siyudad kahit kaunti.” Pinisil niya ang balikat ng assistant para i-assure ito tungkol sa desisyon niya.

“Baka kasi...” Napakamot ito sa ulo.

“Wala naman sigurong mangyayari,” singit niya.

“Eh...” Halatang hindi pa rin ito komporme pero dahil desidido siya, hindi na ito tumutol pa. “Sige na

lang.”

Ikinawit niya ang bisig dito at magkaabresiete silang nagtungo sa kung saan nakaparada ang service nilang owner jeep.

“*Maayong buntag, Dok,*” salubong ng kanilang kasamahang si Emil sa siyang magmamaneho para sa kanila.

Si Emil. She remembered how this man used to be very vocal against her presence. Umabot pa na bina-badmouth siya nito sa mga taga-barangay. Pero mula nang isalba niya ang ina nitong naglubha ang sakit, isa na ito sa naging masugid niyang alalay/driver/tagapagtanggol.

“*Maayong buntag, Dud,*” nakangiting tugon niya.

Ibinutones niya ang suot na maluwang na long-sleeved polo para protektahan ang mga bisig sa init ng araw. Nagsuot din siya ng shades at baseball cap. Sasampa na siya sa sasakyan nang pinigilan siya ng lalaki.

“Doc, kami na lang kaya ni Teresa ang lumuwas,” sabi nito. “Parang biglang kinukutuban ako, eh. Kaya ka naming protektahan habang narito ka sa bundok pero wala kaming magagawa kung sa siyudad ka makikita.”

Napakagat siya sa labi. Huminga siya nang malalim bago malumanay pa rin na nakiusap dito.

“Salamat sa pag-aalala, Emil, pero may kailangan din kasi akong asikasuhin na hindi ko p’wedeng ibilin sa inyo. Nakasumbrero naman ako, wala na sigurong makakakilala sa akin.”

“Eh...” Napakamot na lang ng ulo ang lalaki bago sumulyap kay Teresa na mukhang hindi na rin balak tumutol. “Siya, sakay na, Dok.”

“Salamat.”

Inalalayan siya ng lalaki. Nang makasigurong settled na sila, sumampa si Emil sa driver seat at saka maingat na nagmaniobra patungo sa dirt road pababa sa bayan.

Habang binabagtas nila ang maalog at maalikabok na daan, huminga siya nang malalim at ngumiti sa kalangitan. Luminga siya sa paligid at lalong pinalawak ang ngiti.

Sa kabila ng kawalan ng karangyaang kinalakihan at kinasanayan niya bilang nag-iisang anak ng isang napakayamang pamilya, she had never enjoyed herself as much as being there allowed her. Doon niya natagpuan at doon niya napagtanto, kung ano talaga ang ibig sabihin ng salitang ‘contentment’.

Gabe Avelino - Edith Joaquin

Yes, definitely, her life and her heart, finally, were at peace. At umaasa siyang pang-mahabang panahon ang kapayapaang natagpuan niya roon.